

CHAPTER ONE

“ ‘O y, Gabriella, magkakaroon ka na ng anak sa binyag for the first time,”
 anunsyo ni Rhodora sa bunsong anak.
 “Nanganak na kahapon ng umaga si Dessna. Babae...
 at ‘kuu! Pagkaganda-ganda!”

Naghalukipkip lamang ang beinte años na si Gaby, sabay irap bago ibinalik na muli ang atensyon sa hawak na libro. Kailangan niyang tapusing basahin ang kulang-kulang anim na raang pahina ng librong itinoka sa kanya ng editor niya. At dapat niyang magawa iyon before the end of the week.

Sa wakas ay nakatagpo na rin siya ng contentment sa buhay. Well, it was not absolute but it would do. Pumapasok siya sa Maynila subalit hindi sa isang kolehiyo o universidad kundi sa isang fashion school. Nag-aaral siyang magdisenyo ng damit. At three days a week lang ang panahong kinokonsumo niyon. The rest of the week, malaya siyang magsulat na siyang pinagkakakitaan niya.

Nabigyan siya ng column sa isang female-oriented magazine. Book review column iyon,

something na ini-enjoy niya kung hindi lamang magkaminsan ay binibigyan siya ng compulsory reading ng kanyang editor sapagkat ang karamihan sa mga librong binabasa niya ay mga ‘heavy’ reading—hindi masyadong appealing sa kababaihang readers ng kanilang magazine. Bukod sa kanyang column, regular din siyang nagsusulat ng short fiction at mga tula. Iyon ang buhay na pinapangarap niya, hindi ang magpakaburo sa eskuwelahan sa pag-aaral ng mga bagay na hindi interesting para sa kanya.

“Leandrina ang pangalan, Gabe,” sabi ng kanyang pinsang si Kyoko. Ito ang palaging kasama ng kanyang mama sa pagdalaw sa kanya sa Maynila. “Leandrina Gabrielle, would you believe? Named after you and Kuya Lean! Na-immortalize ang naunsiyami mong first love sa panganay nila ni Dessna. Isn’t that cool?”

“I’m trying to concentrate here, Kyoko,” irap niya na dumapa sa kama. “Iwan n’yo muna ako. Darn! I’m barely halfway through this blasted book.”

Nagkindatan ang magtiya at saka lumabas na ng silid niya.

“Kyoko, mabuti pa’y samahan mo akong mag-grocery,” dinig niyang sabi ng ina pagkalabas ng dalawa sa silid. “Kapag hinintay mong magkusa ang

pinsan mong iyan, mabubulok tayo dito na pulos dilat ang mata sa gutom!”

“On diet ‘yan, Tita,” nakabungisngis na turan ni Kyoko.

Lukot ang mukhang ipinako ni Gaby ang atensyon sa binabasa subalit ayaw rumehistro ng mga salita sa isip niya. Ni minsan ay hindi niya nagustuhan si Judith Krantz ngunit ayon kay Esmé, ang kanyang editor, patok ang naturang author sa kababaihang mambabasa. Sa huli ay pinili niyang isara ang libro at saka nahiga nang patihaya. Ipinikit niya nang mariin ang mga mata.

Ipinangalan sa kanya ni Leandro ang anak nito—sa kanilang dalawa. Dapat ba niyang ikatuwa iyon?

Mariin pa rin siyang nakapikit habang patuloy ang paglalaro ng imahe ng kinakapatid sa kanyang kamalayan nang muling bumukas ang pinto.

“Gabe, lalabas lang kami ni Tita, ha?” ani Kyoko habang nakasilip ang magandang mukha sa siwang ng pinto. Sa kanilang magpipinsan sa mother’s side, ito ang pinakamukhang Haponesa na namana sa kanilang lolo. Sundalo ng Japanese Imperial Army ang abuelo nila na sa Batangas nadestino noong World War II. “Ipaggo-grocery ka na namin. Nakakahiya naman sa ‘yo na may visitors ka, ‘tapos

wala man lang laman ang ref mo.”

Binato niya ito ng nahagip na unan bago nito naisara ang pinto. Humahalakhak itong lumayo.

“Lock the front door!” pasigaw na bilin niya.

Nagbuntung-hininga siya at saka muling dumapa. Nakatulugan na niya ang pag-iisip kay Leandro Cobarrubias—ang kanyang naunsiyaming unang pag-ibig.

“DON’T TELL ME hindi ka talaga makakarating sa binyagan ng inaanak mo,” nagtatampong sabi ni Leandro sa telepono kinabukasan. “First inaanak mo pa naman ang little girl ko.”

Sumimangot si Gaby. *Eh, ano ngayon?* ngani-ngani na niyang isinghal subalit isinaisip na lamang niya iyon. Ang gusto sana niya ay first anak niya ang little girl nito, hindi first inaanak.

“Gaby....”

“Leandro, busy ako masyado,” aniyang hindi tinangkang ikubli ang pagkabanas sa himig. “May dadaluhan akong writers’ conference sa Zamboanga next week. Isa pa, I’m working on my *Palanca*-winning masterpiece. I’m going to be twenty-one in three-and-a-half months, dapat ay manalo na ako sa *Palanca* this year.”

Ipinangako niya sa sarili—sa harap ni Leandro noon, noong masaya pa silang magkasama as best friends sa Batangas once upon a time—na mananalo siya ng gantimpala sa *Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* bago siya mag-beinte y dos años.

Narinig niya ang pagbuntung-hininga ng lalaki sa kabilang linya. Hinaplos ng kung anong emosyon ang kanyang puso at napangiwi siya. *Here we go again, inis na saad niya sa isip. When will you behave, stupid, stupid heart?*

“Alam mo, nagtatampo na talaga ako sa ‘yo,” pahayag nito sa malungkot na tinig. “Mula nang umabay ka sa kasal ko, hindi na tayo nagkita ulit. I miss you terribly, Gabe. Ikaw siguro, hindi mo man lang ako naaalala kasi umaasenso ka na. Lalo na siguro pag sikat na sikat ka na talaga. Siguro’y hindi mo na matatandaan ni pangalan ko....”

Pinaikot niya ang eyeballs. “Leandro, puleez! Ang corny-corny mo! You know that’ll never happen. Ikaw pa?” *Ikaw pa, eh, mahal na mahal kita? gusto niyang idugtong.*

“Gusto ko kasing maging close kayo ni Dessna,” pagpapatuloy nito. “You’re like my kid sister. Aside from Dessna, Bennet and my little baby, you’re the only one I’ve got.”

“Drama!” ingos niya. “Before Dessna came along, I was the only one you’ve got. Ngayong may Dessna ka na, sa kanya ka na lang!”

Narinig niya ang pagtawa nito. “Hanggang ngayon ba naman ay nagseselos ka pa rin sa kanya? Aba, halos patalbugin mo na nga siya noong kasal namin, ah. Napatawad na kita doon, Gaby. Mag-behave ka na ngayon para hindi na ulit ako magtampo sa ‘yo.”

Napaismid siya sa alaala ng kasal nina Leandro at Dessna. Siya ang maid of honor noon at tama ang lalaki—may karapatan itong magtampo dahil talagang tinalbugan niya ang bride nito kung beauty at pabonggahan din lang naman ang pag-uusapan. Late siyang dumating sa simbahan for a dramatic entrance. At ang suot niya, sasabayan ang kabonggahan ng wedding gown ni Princess Diana! Sinadya niyang huwag isuot ang gown na idinisenyo ng couturier para sa maid of honor. To everyone’s horror, lalung-lalo na ang kanyang papa, tunay na mas mukha pa siyang bride kaysa kay Dessna!

“Bakit, kasalanan ko ba kung mas maganda talaga ako sa babaeng ‘yon?” irap niya.

Natawa nang malakas ang kinakapatid. “O sige na nga, mas maganda ka na kay Dessna. Basta

siguruhin mong makakarating ka sa binyagan ng anak ko. Okay?"

"Talagang mas maganda ako sa kanya, kahit hindi ako makarating sa okasyong iyan. Lalo na ngayon, pag nakita mo 'ko... tiyak, magsisisi ka kung bakit hindi pa ako ang pinakasalan mo!"

Isang taon na ang lumipas mula nang huli silang magkita at aware siya na malaki ang improvement ng hitsura niya mula nang sa Maynila na siya maglalagi. Ang pekasin niyang mukha ay naremedyuhan dramatically sa tulong ng kanyang dermatologist. Kung dati ay patpatin siya, ngayon ay may kaunti na siyang muscles. Thanks to her gorgeous aerobics instructor, nai-inspire siyang mag-workout twice a week. Natuto na rin siyang mag-tweeze ng eyebrows at mag-apply ng makeup the professional way.

Mas malakas ang pinakawalang halakhak ng lalaki sa pagkakataong iyon. "Oh, God, Gabe! Ikaw lang talaga ang nakakapagpatawa sa akin nang ganito!"

Ngumuso siya. "Sana mabiyudo ka kaagad," biro niya—though sa loob-loob ay may bahid ng katotohanan ang wish niyang iyon. "Ako na lang ang gawin mong second wife, ha, Leandro?"

Humalakhak na naman ito na animo'y maghi-

hysteria. “Tarantada ka talaga kahit kailan, Gabriella!”

“O siya, bye-bye na’t blowing his horn frantically na ang bago kong papa!”

“Gaby—”

Hindi na niya hinintay na tapusin ni Leandro ang sasabihin. Ibinaba na niya ang handset ng telepono sa cradle niyon at saka mabilis na lumabas ng bahay. Baka mainip sa kanya ang kanyang imaginary ‘papa’—na ang totoo ay mga kabarkada niya.

“What took you so long?” bagot na salubong sa kanya ng tatlong naggagandahang kaibigan—sina Milotte, Ellou at Shane.

“Si Leandro,” nakasimangot na tugon niya.

“Ooohh...” sabay-sabay na paswit ng mga ito.

“Kinukuha niya ‘kong ninang ng baby niya.”

Sabay-sabay ring bumagsak ang mga balikat ng tatlo. “Akala ko pa nama’y gagawin ka na niyang mistress,” exaggerated ang panlulumong turan ng pinakamadaldal na si Ellou.

Pinaikot na lang niya ang eyeballs at saka sumakay na sa top-down sports car ni Milotte.

DALAWANG ARAW bago sumapit ang pagbibinyag kay Leandrina Gabrielle Salonga

Cobarrubias, ang firstborn nina Leandro at Dessna, nagising na lamang si Gaby sa sunud-sunod na pagkatok sa pinto ng kanyang silid. Napaungol siya. Tatlong tao lamang ang may duplicate key sa kanyang townhouse unit—ang kanyang mga magulang at panganay na kapatid na si Marcial. Most likely, ang papa niya iyon base sa estilo ng pagkatok nito na nakabisa na niya sa dalas ng pagdalaw nito sa kanya.

“Morning, Popsie...” bahagya niyang naiungol. “Puyat ako, Handsome. Mamaya na lang tayo mag-usap, ‘kay?”

“Huwag mo akong pina-‘popsie’-‘popsie’ at hina-‘handsome’-‘handsome,’ hitad ka,” banta ng sesenta y tres años na lalaki. “Bumangon ka na r’yan bago kita mabambo, luka-luka ka!”

Iningiwi niya ang mukha. Kahit kailan, despite the garbled voice dahil sa matinding inis, hindi niya sineryoso ang mga banta ng ama. When was the time he spanked her? Hindi niya matandaan... at siguro ay wala siyang dapat tandaan dahil posibleng ni minsan ay hindi nalapatan ng sinturon nito ang kanyang tender na puwit. Ang kanyang Kuya Rufo pa, oo. Dahil isang sundalo, militaristic ang approach sa kanya ng pangalawang kapatid. Hindi siya

makakapag-arte rito tulad ng nagagawa niya sa apat pa niyang kuya—sina Marcial, Teo, Junie at Doug.

“Talaga namang handsome ka, ah,” sabi niya na tumayo na. Hinagip niya ang crimson robe at isinuot iyon bago binuksan ang pinto. “Hi, Pops—” Nanlaki ang mga mata niya. Sa likuran ng kanyang ama, nakangisi sa pagkakatayo si Leandro! Napahawak siya sa buhok na sabog at naninigas sa spray net na ini-apply niya roon nang nakaraang gabi. “Oh, my God, my hair!”

Napatawa si Leandro.

“*Por dios, por santo!*” bulalas ni Fileo. Itinulak siya nito pabalik sa silid. “Ayusin mo’ng sarili mong linsyak ka! Saan na naman bang costume party ang dinaluhan mo kagabi’t mukha ka na namang raccoon?”

“Popsie, Morticia Addams-look ‘to, ‘no!” protesta niya, sabay sulyap sa lifesize mirror na nasa isang bahagi ng dingding ng kanyang silid. Nanlaki ang mga mata niya. “Oh, my God! I *do* look like a raccoon!”

Si Shirley Manson daw ang kamukha niya, sabi ng mga nakasalamuha niya sa mga clubs and bars na kanyang pinuntahan nang nakaraang gabi. But she slept with the makeup on kaya no wonder mukha

talaga siyang sinabong na raccoon.

Mabilis siyang naligo at preskung-presko na nang lumabas ng silid. Nadatnan niyang nag-aalmusal ang magninong sa kanyang maliit na kusina.

“Good morning,” bati ni Leandro na bahagya pang iniangat ang tasang iniinuman nito ng kape. “There, hindi ka na mukhang raccoon.”

Inirapan niya ito. “Palibhasa pareho kayong outdated n’yang ninong mo,” aniyang pabagsak na naupo sa katabing silya ng ama.

Sinimangutan siya ng matanda. “Naparito lang kami para sunduin ka,” pahayag nito.

Umungol siya. “Popsie...!”

“Kuu, Gabriella!” palatak nito. “Kung hindi ka lang nag-aaral dito sa Maynila kahit papaano, kakaladkarin na kita pabalik sa Tuy sa ginagawa mong ‘yan sa sarili mo! Tingnan mo ang mga mata mo, nangingitim na sa eyebags dahil sa kapupuyat mo sa mga walang kapararakang bagay.” Umilingiling ito.

“Papa, baka trace pa rin ng eye makeup ko ang nakikita ninyo,” pamimilosopo pa niya.

Na tahimik na ikinangiti ni Leandro sa puwesto nito, sabay higop ng mainit na kape.

“At tingnan mo ang sarili mo... ang payat-

payat mo na," pagpapatuloy ng matandang lalaki. Bumuntung-hininga ito nang malalim. "Talaga palang wala kang planong dumalo sa binyag ng anak ng kinakapatid mo, Gabriella," matigas na bigkas nito.

Napabuntung-hininga siya, sabay urong ng inuupuang silya palayo sa mesa. Tiningnan niya nang pailalim ang kinakapatid. Hindi nabubura ang amusement sa mukha nito habang pinapahid ng table napkin ang bibig at ilong. Noon pa man ay palagi na lamang nakalarawan sa mukha nito ang ganoong expression kapag kaharap siya. He never really took her seriously.

"Hala, maggayak ka na," utos ng kanyang papa. "Aalis tayo ngayon din. Mabuti nang makita mo muna ang aanakin mo bago ang binyagan."

Saglit siyang nag-isip. *Ah, what the hell! Ano ba naman iyong hawakan ko sa binyag ang anak ng aking naunsiyaming first love?*

"Gaby—"

Bago pa madugtungan ng ama ang sasabihin, tumayo na siya. "All right, all right!" aniyang mabilis nang nagtungo sa kanyang silid upang maglimpiya ng mga dadalhing gamit.

CHAPTER TWO

“She looks...” Napapangusong iningiwi ni Gaby ang mukha habang nakakiling ang ulong pinagmamasdan ang sanggol na payapang natutulog sa crib nito. “I don’t know... She’s... she’s rather sallow, I guess. She looks quite sickly.”

“Gaby...” mahinang siko sa kanya ni Rhodora, ang ina niya at palihim na ininguso ang new mother, si Dessna.

Mahinang humagikgik si Kyoko sa tabi niya. “*O Captain! my Captain! our fearful trip is done; The ship has weather’d every rock, the prize we sought is won....*”

Umuuga-uga ang ulong tumango siya. Paalala iyon sa kanya ng pinsan na kapag umiiral ang pagiging tactless niya, tulain na lamang niya ang *O Captain! My Captain* ni Walt Whitman.

“She’s so small,” komento pa rin niya. Inilapit niya ang mukha sa sanggol. “Oh, koochi-koochi... hello there, Tinkerbell!”

Muli, siniko siya ng ina. Hindi nakaligtas sa pandinig niya ang pigil na paghagikgik ni Kyoko sa

likuran ng kanyang mama.

“She looks... really pallid,” pagpapatuloy niya.

Binalingan niya si Dessna. “Is she sick or something?”

Nakita niya na biglang natigilan ang babae, sabay titig sa anak na himbing na himbing sa crib nito.

“She’s not,” mayamaya ay pilit ang ngiting sabi nito.

“Ganyan lang siguro ang mga babies.”

“I think she’s really pale,” giit niya. “And very small.”

“Maybe she’s pale because she took it after me. I’m twenty-five percent Caucasian,” halatang napipika nang pahayag nito. “And she’s small because she’s an infant. What did you expect?”

Nagkibit-balikat siya. “My brothers are also twenty-five percent Caucasian, but their babies were not that pale. Like my Kuya Marcial. He married an Austrian mestiza but their little girl was not this pallid when she was an infant.”

“Gaby, Hija—”

Kinunutan lang niya ng noo ang ina at natigil na ito. Dinaan na lang nito sa buntung-hininga ang pagpoprotesta.

Ang sa kanya naman ay hindi para saktan ang damdaming ina ni Dessna. She was just telling the truth—minus the tact nga lamang. Hindi siya tactful

kahit kailan, at tulad ng palagi niyang katuwiran:
 People around her just have to live with it. And
 Dessna was no exception.

Especially Dessna.

“Maybe she’s got albinism or something,”
 pagbibigay pa niya ng opinyon, sabay sulyap sa
 sanggol na biglang ngumiti sa pagkakahimbing.
 “But she’s really cute, in fairness. Oh, look at her—Hi
 there, Tinkerbelle!”

Lihim na napasimangot si Dessna ngunit hindi na
 ito nagsalita.

Mayamaya ay nakangiting pumasok si Leandro sa
 nursery habang akay ang tatlong taong gulang na si
 Bennet, ampon ng mag-asawa.

Ang batang lalaki ay anak ng yumaong matalik na
 kaibigan ni Dessna na namatay sa *Ventolin* overdose
 nang atakehin ng matinding asthma. Si Bennet din
 ang dahilan kung papaano nagkakilala sina Dessna
 at Leandro—a case of mistaken identity that made a
 beautiful story, sasabihin ng iba. Ipinahanap ng babae
 ang ama ng bata at pumalpak ang hired detective
 nito kaya sa halip na a certain Leandro Covarubias na
 isang mayamang ranchero sa Batangas ang matunton
 ng una, si Leandro Cobarrubias ang natagpuan nito.
 And, as the cliché goes, they lived happily ever after...

at Gaby's expense.

Bata pa lamang si Gabriella ay may lihim na siyang pagtatangi sa kinakapatid, dangan nga lamang at lubhang malaki ang agwat ng kanilang edad. Kasing-edad ito ng Kuya Marcial niya. Nang madiskubre niyang umiibig si Leandro kay Dessna, gumawa siya ng kuwento—imaginative and tactless as she always was. Sinabi niyang ipinagkasundo na sila ng kinakapatid sa isa't isa shortly bago namatay sa cancer ang kanyang Tito Paeng, na ama ni Leandro at matalik na kaibigan ng kanyang papa. That little trick of hers turned out to be a big, humiliating flop, of course, sapagkat nang time na namatay si Rafael Cobarrubias, mag-aapat na taong gulang pa lamang siya. That was stupid of her, as always was the case.

"Dinner's ready," pahayag ni Leandro na humalik pa sa asawa.

Nang mga sandaling iyon, gustong sugurin ni Gaby ng sabunot si Dessna dahil sa labis na paninibugho.

"I guess we should leave Leandrina muna," sabi ng babae na ikinawit ang braso sa baywang ng asawa.

"Right," segunda ni Rhodora. "Kanina pa siguro nabubuwisit ang little angel na 'to dahil sa kakadaldal nitong si Gabriella. Mabuti na lang at mabait—hindi

nagmana sa ninang!”

“Right,” sang-ayon ni Leandro. “Sana nga’y huwag magmana sa ninang.” Inakay na nito ang batang lalaki. “Come on, Bennet Boy. Come to Daddy!”

Sumunod sa mag-anak sina Rhodora at Kyoko. Naiwan namang nangingitngit sa selos ang puso ni Gaby.

Mayamaya ay padabog na lumabas na rin siya ng nursery.

“MAYBE SHE DIDN’T REALLY MEAN IT,” paliwanag ni Leandro sa asawang kanina pa umiiyak. Hinilot niya ang likod nito sa pagkakahiga nang patalikod sa kanya.

Ipiniksi nito ang kamay niya. “She meant it, Lean,” giit nito. “Talagang gusto ng Gaby na’yon na saktan ang damdamin ko bilang ina. And she called her ‘Tinkerbelle!’”

Napabuntung-hininga siya. “I know Gaby. She loves kids kahit ganoon ang ugali niya. She loves kids because she feels like one. C’mon...”

Bigla itong humarap sa kanya. “Can’t you see, Lean? She’s in love with you! At kahit hanggang ngayon—damn, she just won’t give up!”

“Dess...” Napakamot siya sa ulo. “Gaby is practically a kid, ano ka ba? We’ve been together since she was a baby. I had looked after her and had been her baby-sitter kaya kilala ko siya.”

“Kilala mo nga siya, that’s why you should know she’s capable of being extremely obnoxious to people she doesn’t like—and that includes me. She’s so damned tactless I just want to stuff her mouth with chili pepper!”

Napangiti siya. “She’s going to be the chili-spicy Oprah Winfrey someday,” biro niya. “Pero, Darling, kung ano man ang sinabi niya about our little angel... trust me, she didn’t mean those words. Natatandaan mo ba kung gaano siya kainis kay Bennet at first? But look at them now. Kaya cool ka lang, all right?”

Isang malalim na buntung-hininga na lamang ang itinugon sa kanya ni Dessna. Mayamaya pa ay tulog na ito. Hinalikan niya ito sa noo at pumikit na rin, yakap ito sa baywang.

KINABUKASAN, araw ng binyag ni Leandrina. Maagang-maaga pa ay abala na ang bawat isa sa bagung-bagong bahay ng mag-asawang Leandro at Dessna. Karamihan sa mga tumutulong sa paghahanda ay ang mga katiwala ng lalaki sa bukirin

nito.

Sa bahay naman ng mga Finch sa kabilang baryo, mag-a-alas-ocho y media na ay nakababad pa rin sa higaan si Gaby. Kung ilang beses na siyang inakyat ng ina upang pabangunin ngunit pawang ungol lamang ang itinutugon niya rito.

Sa pagkakataong iyon, ibang boses ang gumulantang sa kanyang pagkakahilata.

“Gabriella!” malakas at halos dumagundong na tawag ng nasa labas ng pinto. “Babangon ka ba r’yan o tuluyan na naming ikakandado itong silid mo? Nakahanda na ang mga pakong ipansasara ko sa lintek na pintong ito!”

Mabilis siyang bumalikwas upang pagbuksan ang kanyang Kuya Rufo. *Hindi ba’t nasa kampo ang unggoy na ito?* aniya sa sarili habang pupungas-pungas at ibig pang manginig na inaabot ang doorknob.

Dere-derechong pumasok ang maskuladong lalaki sa kanyang silid. “Hala, bihis, dali! Hindi ka na nahiya kay Leandro. Alas ocho y media na’y nakabaluktot ka pa rin dito, eh, alas nueve ang binyag!”

“Bakit ba nakasigaw ka?” ingos niya.

Nang mamaywang ang lalaki, animo’y biglang nagkapakpak ang mga paa niya sa bilis ng paglipad

ng mga iyon patungo sa loob ng kanyang banyo.

Tatangu-tango at kampante nang lumabas ng silid si Lt. Col. Rufino Finch.

“K-KUYA, HUWAG NA lang kaya tayong tumuloy sa simbahan?”

Paasik na tinapunan ni Rufo ng tingin ang bunso at kaisa-isang kapatid na babae. “Tumigil ka ng kaartehan mo, Gabriella, ha! Gustung-gusto mo yatang maulit ang nangyari noong kasal nina Leandro at Dessna. Gusto mo na naman yatang tamaan sa akin!”

“Bakit, okay naman ang suot ko ngayon, ah?” irap niya. Humalukipkip siya. “Kuya, kinakabahan talaga ako, eh. Ewan ko ba... basta may negative vibes ako. P-parang... parang may masamang mangyayari.”

Kumunot-noo lamang ito pero hindi nagsalita.

“Kuya...”

“Tumigil ka d’yan, Gabriella,” saway nito na halatang naiinis na.

Eksaktong kumalembang ang kampana ng simbahan sa bayan. Dahil tahimik na tahimik, kahit malayo ay naulinigan nila iyon.

“Hayan, magsisimula na ang misa,” sabi nito.

“Natatakot talaga ako, Kuya.”

Saglit na natahimik ang lalaki. “Sino pa ba’ng ibang mga ninong at ninang ng anak ni Pareng Lean?” pagkuwa’y tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “Ewan ko. Ang alam ko, si Congressman...” Biglang nanlaki ang mga mata niya. “Shit, Kuya! Baka i-assassinate si Congressman!” Nababalitang napakaraming threats sa buhay ng mambabatas dahil sa pakikialam nito sa pagitan ng mga rebelde at pamahalaan, lalo na ang pagbubunyag nito sa listahan ng mga corrupt Cabinet officials.

Tinapunan lang siya nito ng disinteresadong tingin bago ipinako ang atensyon sa pagmamaneho. Mayamaya pa ay nasa tapat na sila ng simbahan.

“Nand’yan na kaya si Cong?” kinakabahan pa ring turan niya.

Isang matalim na irap ang itinugon sa kanya ng kapatid at saka umibis na upang pagbuksan siya ng pinto ng sasakyan. Nang mahagip niya ang laylayan ng sleeves nito, hindi na siya bumitaw. Niyakap pa niya ang matipuno nitong braso sa kabila ng pagpiglas nito.

“Para kang luka-luka!” exasperated nitong bulalas, pagkatapos ay natatawang umakbay na rin sa kanya.

“O, bakit ganyan ang isang ’yan?” natatawang

salubong sa kanila ni Leandro, karga si Bennet.

Pinaikot ni Rufo ang eyeballs at saka umiling-iling. "Napapraning na naman."

Hanggang sa makaupo sa pew, nakalambitin si Gaby sa braso ng matipunong kapatid. Kinakabahan talaga siya. Lalo pa siyang nanigas sa kinauupuan nang magbulungan ang mga katabi nila.

"Nand'yan na si Congressman Jacinto...."

"Ang pogi talaga!" kinikilig na sabi ng ilang teenagers sa kanilang likuran.

Nilingon niya ang politiko. Guwapo nga ito. Sa edad na mahigit cuarenta, matikas pa rin ito at lubhang batang tingnan kaysa sa tunay na edad.

Nang nasa unahan na ang mga ninong at ninang, lalo pang sumikdo ang kaba sa dibdib ng dalaga. "Shit!" bulong niya na panay ang sulyap sa pintuan ng simbahan.

Nasa imagination niya na bigla na lamang may armadong kalalakihan na susulpot doon at pauulanan sila ng bala.

Nahalata ni Leandro ang anxiousness niya. Napapailing na ngumiti na lamang ito at muling nag-concentrate sa sinasabi ng pari.

Ngunit natapos at natapos ang binyagan, walang armed men na nagpaulan sa kanila ng bala ng

armalite at uzi. Nasa labas na sila ng simbahan nang tuluyang makahinga nang maluwa si Gaby.

“Pakarga nga sa inaanak ko,” sabi niya kay Leandro na siyang kasalukuyang may hawak sa sanggol. Napaismid siya nang bahagyang ngumiwi si Dessna na nasa tabi ng asawa. “Hindi ko naman aanuhin ang anak mo, Dessna, ‘no!’” sa yamot ay hindi niya napigilang sabihin, sabay irap at halukipkip.

“H-hindi naman sa gan’on,” mabilis na paliwanag nito.

“It’s all right,” aniyang pilit na ngumiti nang peke. “Baka nga mahulog pa sa akin si Tinkerbelle. You know how I am, clumsy and all.”

“Okay, hold her,” turan ng babae na bahagyang siniko ang asawa.

Napapailing na ipinasa nang buong ingat ni Leandro ang anak sa dalaga.

Natutuwa namang kinuha niya ito. Nang mahagip niya ng tingin si Congressman Jacinto, nakangiting tinawag niya ito. “Cong, picture-taking naman tayo dito, o!”

“Okay,” nakangiting pagsang-ayon nito.

Nang lumapit ito sa kanila, sinenyasan niya ang photographer. Nag-pose siya katabi ng mambabatas.

“Smile,” bigkas ni Dessna habang pinagmamasdan sila. Katabi nito ang photographer. May sasabihin pa sana ito nang bigla na lamang nanlaki ang mga nito, sabay takbo sa puwesto nila.

Bago pa marinig ni Gaby ang alingawngaw ng sunud-sunod na putok ng de-kalibreng baril, naitulak na siya ni Dessna. Natumba siya sa lupa habang karga ang sanggol.

Ilan pang sunud-sunod na putok ang pumailanlang sa ere kasunod ang mga tili at sigaw. Nang sa wakas ay tahimik na ang paligid, nanginginig na humigpit ang yakap ni Gaby sa kargang sanggol.

Ang matinis na iyak nito ang bumasag sa katahimikan.

Tila pinalis ng iyak na iyon ang shock ng bawat isa. At nagsimula na naman ang commotion sa paligid.

CHAPTER THREE

“**B**aka naman gusto mong bisitahin man lang ang kinakapatid mo, Gabriella,” sabi ni Rhodora habang inililigpit ang pinagkainan sa townhouse ng bunsong anak. “Nang huli kong makita, eh, halos hindi na nakakapag-ahit ang pobre.”

Ismid lang ang itinugon ni Gaby sa tinuran ng ina.

Napapalatak ito, sabay baling sa asawa. “Tingnan mo’ng ugali ng anak mo, Fileo.”

Hinigig ng lalaki ang asawa. “Hayaan mo na muna ang bata, Dory. Siyempre’y nagdaramdam pa rin iyan sa nangyari noong libing ni Dessna.”

Ngumuso ang ginang at saka napatangu-tango. Kunsabagay, sa loob-loob nito, lubhang nasaktan ang anak sa ginawa ni Leandro noong araw ng libing ng asawa ng huli. Tangkang hahawakan ito ni Gaby upang aluin kahit papaano, ngunit tinabig siya nito at sinigawan: “*Kung hindi ka iniligtas ng asawa ko, ikaw sana ang ipapasok sa mauseleong ito!*”

Naiintindihan naman ng mag-asawa ang naging behavior ng inaanak. Masyado lang itong

naghihinagpis dahil sa trahedyang naganap sa asawa sa araw mismo ng binyag ng anak. In-ambush ang congressman ng distritong iyon at kasamang nabaril si Dessna. Isa ito sa tatlong namatay, kasama ang isa pang ninong sa binyag at isang bodyguard ng mambabatas. Nakaligtas si Cong. Jacinto at ngayon, magwawalong buwan na ang nakakalipas ay naka-recover na after several months of physical therapy. Nahuli na at nakapiit ang mga salarin, pati ang mastermind ay nasampahan na rin ng kaso.

“Sino’ng nag-aalaga kay Bennet at sa baby?” mayamaya ay tanong ni Gaby.

“Si Nanay Iska,” tugon ng ginang na ang tinutukoy ay isang matandang kamag-anak ni Leandro na gaya ng lalaki ay wala na ring kapamilya. “Doon na siya nakatira sa bahay ni Lean. Napakiusapan ng papa mo ang matanda pero ayaw tumira sa bayan kaya nasa log cabin sina Leandro ngayon.”

Tumango na lamang siya at dumerecho na sa kanyang silid. Kailangan pa niyang mag-ayos upang pumasok sa kanyang klase. Paglabas niya, nanonood na ng TV sa sala ang mga magulang.

“Anong oras ka darating n’yan?” tanong ng kanyang papa.

Tumingin siya sa wall clock. “Mga alas seis y media, Papa,” mahinang tugon niya at saka humalik na sa pisngi ng dalawa. “Sige, ‘bye.”

Naiwang nagkakatinginan ang mag-asawa nang marahan niyang isara ang pinto.

Napailing si Fileo. “Naninibago ako sa batang iyan,” sabi nito. “Kung noon ay gustung-gusto kong maging ganyan kapino ang kilos niya, ngayon ay parang mas gusto ko iyong galawgaw na Gaby.”

Sumang-ayon si Rhodora. “Pero babalik at babalik din siya sa dati, huwag kang mag-alala. Nalulungkot lang iyan siyempre. Mabuti nga’t nakabawi na siya sa shock at hindi na binabangungot sa gabi.”

Mula nang maganap ang ambush sa harapan ng simbahan ng Tuy, nagsimulang bangungutin si Gaby at kinailangan pa ng professional help ng isang psychotherapist. Mula noon ay hindi na rin siya iniwan ng ina na nag-iisa sa townhouse sa Maynila. Si Fileo naman ay padalaw-dalaw sa kanila dahil hindi nito lubusang maiwan ang mga gawaing-bukid sa Batangas.

Namayani ang katahimikan sa pagitan ng mag-asawa.

Mayamaya ay bumuntung-hininga si Rhodora. “Ano na ang plano mo sa bunso natin, Fileo?”

Hindi kaagad sumagot ang matandang lalaki.
“Kokonsultahin ko muna sina Rufo at Marcial.”

Inabala nila ang mga sarili sa paglilinis ng townhouse ng anak. Bandang alas seis, nag-umpisa na silang magluto. Gaya ng sinabi ni Gaby, alas seis y media ay dumating na siya.

Ibig sana nilang matuwa sa nakikitang malaking pagbabago sa bunsong anak. Halos hindi na siya naglalakwatsa mula nang mangyari ang malagim na insidente. Ang dinaramdam nila ay ang lungkot na nakikita sa kanyang mga mata. At kung dati ay animo’y kiti-kiti siya sa kakulitan, ngayon ay naging kimi at matamlayin siya.

“Ma, Pa, may bisita ako,” bungad ni Gaby nang makapasok sa kusina at datnang patapos na sa pagluluto ang mga magulang. “Halikayo...”

Inayos muna ng dalawa ang mga sarili bago sumunod sa anak.

“Ma, Pa... this is Wayne, a special friend,” aniya, pagkatapos ay bumaling sa kasama. “Wayne, my parents... Fileo and Rhodora Finch.”

Malugod na tumayo at yumukod ang binatang mestizo habang nakikipagkamay sa dalawang matanda. “Nice to meet you, Ma’am, Sir.”

Tumango ang mag-asawa at saka makahulugang

nagsulyapan, iisa ang tanong sa isip: Nobyo kaya ito ng kanilang bunso?

Mula paa hanggang ulo, palihim na pinagmasdan ng matandang lalaki ang panauhin. Matangkad ang binata, hindi bababa sa anim na talampakan ang taas nito; ang kutis ay nagkukulay-rosas at ang mga mata naman ay kulay kape gaya ng buhok nito.

Nginitian ni Rhodora nang matamis si Wayne at saka binalingan ang asawa. "He reminds me of you thirty-five years ago, Fileo," nostalgic na saad nito at saka muling tiningnan ang bisita. "Ano ba'ng nationality mo, Hijo? Or do you speak Tagalog?"

Ngumiti ang tinanong. "Well, actually, I do. Filipino ho ang father ko but my mom was Canadian. I grew up in Vancouver but I came here with my dad when Mommy died three years ago."

"My husband's father was an American," sabi ng ginang.

"Gaby told me. And you're half-Japanese."

Nang ngumiti nang malawak ang ginang, nabatid ng bawat isa na nakuha na ni Wayne ang loob nito. "How did you meet my daughter?"

"At a party," nakangiting tugon ng binata. "She dances so well."

"Mana sa akin!" mabilis na turan ni Rhodora.

Malawak ang ngiti nito na animo'y kinikiliti. At nagsimula itong magkuwento ng tungkol sa kung papaano nito nakilala sa isang sayawan ang asawa years ago.

Umaatikabo ang naging kuwentuhan ng dalawa at hanggang sa yayain ni Fileo ang anak sa kusina upang maghanda ng hapunan, maririnig pa rin doon ang masayang halakhak ng ginang habang nakikipagkuwentuhan sa bisita.

"Nobyong mo ba siya, Anak?" pagkuwa'y hindi nakatiis na unangat ni Fileo sa pagitan ng pagsandok ng kanin sa bandehado.

Kiming sumulyap si Gaby sa ama at saka makahulugang ngumiti. "Malapit-lapit na, Papa," sagot niya. "He's a really nice guy."

Nalukot ang mukha nito. "Ano nga uli ang pangalan ng unggoy na iyon?" tanong nito na tuluyan nang nasira ang mood.

"Wayne, Pops," tugon niya. "Wayne Tañeda."

"Wayne Tañe—" Nanlaki ang mga mata nito at saka napakunot-noo. "Tañeda, 'ika mo?"

Tumango siya. "His dad's from Nasugbu. Di ba sabi mo, Batangueño rin ang gusto mong hanapin ko? There. Batangueño si Wayne."

Kumulimlim at lalong nalukot ang mukha ng

matanda. Nag-take ito ng mental note na tawagan sina Rufo at Marcial bago matulog nang gabing iyon.

NANG SUMUNOD NA MGA BUWAN, hindi na ulit mahagilap sa townhouse si Gaby. Unti-unti mula nang makilala ang kuwelang si Wayne, bumalik ang dalaga sa pagiging gregarious at masayahin. Nagsimula na naman siyang dumalo sa mga Saturday night parties kasama ang mga kaibigang sina Ellou, Milotte at Shane, na gaya niya ay pawang mga manunulat din.

Ang kanyang mama ay kontentung-kontento sapagkat hindi maikakailang boto ito kay Wayne. Medical student ang binata sa isa sa mga pinakamagaling na medical schools sa bansa. Lalo tuloy itong na-endeared sa ginang sapagkat noon pa man ay pangarap na ng huli na magkaroon ng doktor sa pamilya danga't sa anim na anak ay walang nagpakita ng interes sa larangan ng medisina.

Ang kanyang papa naman, sa hindi niya malamang dahilan ay kumukulo ang dugo sa binata. In-attribute na lamang niya iyon sa natural na ugali nitong mainisin sa mga lalaking sa tingin nito ay threat sa relasyon nilang mag-ama. Hanggang maaari nga ay ayaw siya nitong paligawan.

“Would you go to Bali with me, Gabe?”

Saglit na iniwan ng dalaga ang binabasang libro at nilingon si Wayne na kam panteng nanonood ng TV sa sala ng townhouse niya. Seryoso ang mukha nito pero hindi siya nagtitiwala roon. Maloko ito at seryoso kung magpatawa. “Bali? Sure...” sagot niya na pinaikot ang eyeballs, sabay baling sa binabasang libro. “Do I need a visa?”

“C’mon....”

Muli niya itong nilingon. “Ano ka ba, seryoso or what?”

“Seryoso.”

Tuluyan na niyang isinara ang aklat at hinarap ito. “What will you do in Bali?”

“What do people do in Bali?” balik-tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “Get a suntan?”

“Correct ka d’yan. So, what do you say?”

“Bali...” sabi niya na animo’y ninanamnam ang pakiramdam niyon sa kanyang mga labi. “Hmm... sounds great.”

“May four-day break ako from school, which is a miracle, and I want to share that miracle with you.”

Natawa siya. “Sure. Basta ba kasama sina Shane, okay lang.”

Bumagsak ang mga balikat nito. “Bummer,”

bulong nito na pinaikot pa ang eyeballs. "You're not a kid anymore. Hindi mo na kailangan ang chaperone, especially when you're with me."

"Sira!" natatawang bigkas niya. "As if mag-enjoy tayo kung tayong dalawa lang, 'no!"

"*Somos pocos pero estamos locos,*" turan nito. "We are few, but we are crazy. I just want to spend some time alone with you... and my little sister. Noon pa niya gustong pumunta ng Bali."

Nag-isip siya. Ano ba namang masamang mangyayari sa kanya if she went with Wayne? Harmless type naman ito, disente, at napakalayo sa tipong magsasamantala sa kahinaan ng isang tao. And she had always wanted to go to Bali.

Sandali niyang pinagmasdan ang mukha nito. Mahigit dalawang buwan na rin silang magkakilala ni Wayne at sa loob ng panahong iyon, wala siyang napuna o nadama na nagti-take advantage ito sa kanya. Ipinamamalita nito na nililigawan siya, ngunit wala namang ipinagtatapat sa kanya so far. At dahil kengkoy nga ito, hindi siya makapag-conclude kung panliligaw nga ang ginagawa nito sa kanya. Halos araw-araw kung dalawin siya nito at may dala pang kung anu-anong regalo pero sa tingin niya ay hindi naman ito in love sa kanya.

But she could not be sure. Wala siyang experience sa pakikipagligawan.

“Well...” bigkas niya pagkuwan.

“Well...?”

“Well, kasama naman pala natin si Betty,” tukoy niya sa kaisa-isa nitong kapatid. “Okay, then. When do we get our suntan?”

Napangiti nang malawak ang binata.

“MA, I’VE BEEN CALLING Gabe’s townhouse,” bungad ni Rufo nang dumalaw ito sa Tuy. “Palaging answering machine ang nakukuha ko. Nasaan na naman ba ang babaeng iyon?”

“Nasa Bali ang hitad,” nakatawang tugon ni Rhodora.

Napakunot-noo ito. “Bali?”

“Bali,” tumatangong ulit nito. “Iyong vacation spot sa Indonesia.”

Nalukot ang mukha ng anak. “Ma, alam ko ang Bali. Ang gusto ko lang malaman ay kung ano ang ginagawa niya roon.”

“Nagbabakasyon.”

“Oo nga ho. Eh, sino’ng kasama niya papunta roon? At kailan ang balik niya?”

“Iyong kaibigan niya, si Wayne, at saka ang

kapatid n'on."

"Iyong manliligaw niya na isang Tañeda?"

"Tañeda. O, eh, ano naman ngayon? Disenteng bata iyong si Wayne at kasama naman ang kapatid niya. Huwag makitid ang utak mo. Huwag kang gumaya sa papa mo, *por Dios!*"

Namula ang mukha ni Rufo sa indignasyon. "Ma! Hindi lahat ng tao ay broad-minded na kagaya mo. Lalo dito sa atin. Ano na lang ang iisipin ng mga makakaalam nito?" Pumalatak ito at nang muling magsalita ay halos hingalin sa labis na yamot. "Isa pa'y Tañeda ang lalaking iyon. Baka nakakalimutan na ninyo kung gaano kagalit si Papa sa angkang iyon?" Napapailing ito na napasandal sa backrest ng sofa. "Alam ba ni Papa ang tungkol dito?"

Tumango ang matanda. "Pero hindi niya alam na si Wayne at ang kapatid nito ang kasama. Ang akala niya ay ang editor ni Gaby. Binabalaan kita, Rufino. Huwag kang maingay, kung ayaw mong hindi kita kausapin hanggang sa huling hibla ng aking hininga!"

Napasabunot ito sa sarili. "Ano ka ba, Mama!"

"Four days lang sila d'un, Hijo. Don't fret. Bukas nga ay darating na sila," pahayag ni Rhodora. "Intindihin mo ang kapatid mo, Hijo. Babahagya pa

siyang nakaka-recover sa mga nangyayari sa kanya lately. Pagbigyan na natin siya. Mabuti nga iyong nakakakilala siya ng ibang lalaki at nang hindi si Leandro na lang nang si Leandro ang naiisip niya! We're all aware of what pain she went through mula nang mag-asawa ang kinakapatid ninyo. Alam mo namang mula pagkabata'y nagkimkim na siya ng pagtatangi kay Leandro."

Nanggagalaiting nilamukos nito ang mukha.

"Ano ka ba naman, Mama!"

"Mangako kang hindi malalaman ng ama mo ang tungkol sa sinabi ko sa 'yo, Rufino. Mangako ka."

Napapabuntung-hiningang sinabunutan nito ang sarili. "Mama naman!"

"Mangako ka," matigas na utos ng ginang.

Nasisiphayong napatango na lamang si Rufo at saka muling nilamukos ang mukha.